

O kabanal banalan na Puso ni Jesus, pagkatandaan Ninyo po ang pagtatalaga ng Pangulong Gabriel Garcia Moreno ng kanyang republika sa Inyo; Ang pagsasatrono ng Inyong banal na imahen sa kanyang pampanguluhang pamamahay; At ang kanyang kamatayan na nagpapatunay ng kanyang hindi matinag na paninindigan sa Inyo at sa Inyong kinatawan sa lupa, ang Santo Papa. Pagkalooban Ninyo po kami ng makakanonikong kaluwalhatian ng isang magiting na pinuno, upang ang mga tao, sa gawa at salita, ay manindigan para sa pagtatanggol ng Inyong relihiyon at ng bansa. At naway ipagkaloob Ninyo po ang kaukulang grasya na aming hinihingi mula sa Inyo, ayon sa Inyong kalooban. Amen.

Hilingin ang partikular na biyaya at magtapos ng “Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo”.

Ang sinusundang dasal ay naaprubahan hindi lamang ng mga Obispo ng bansang Ecuador, kundi pati ang mga Obispo ng Santiago, Chile, ang Obispo ng Sao Paulo, Brazil, isa sa mga Obispo ng Argentina, sa pangunguna ni Father Herve Le Lay, at ang Obispo ng bansang Scotland, sa tulong ni Mr. Hamish Fraser.



*Garcia Moreno kasama ang Atas ng
Pagtatalaga ng Ecuador sa Banal na Puso
ni Jesus - 1874*

Anu-ano ang mga kondisyon ng Simbahan para sa pagbigay ng titulong martir sa isang bayan- ing katoliko?

Ang mga makanonikong kondisyon ay tatlo : totoo at kusang-loob na tinanggap ang kamatayan ng biktima, maliban kung ito ay hindi pinahintulutan ng Panginoon sa pamamagitan ng isang mirakulo; na ang maniniil na nagsagawa ng kamatayan ay hindi makatarungan; at ang rason ng pagpatay sa biktima ay galit sa Diyos, sa Simbahan, ng isang relihiyon, o isang katangian ng isang Christiano, o isa sa mga karapatan at gawa ng Iglesia o Simbahan.

Ang mga kondisyon bang ito ay napatotohanan sa pagkamatay ni Garcia Moreno?

Di kaila sa kanya na may pagtatangka sa kanyang buhay at bilang biktima, pinaghahandaan na niya ang napipintong sakripisyo ; “ Ang mga kalaban ng Diyos at ng Simbahan ay puedeng kitilin ang aking buhay, pero ang Diyos ay di namamatay. Ako ay mamatay, ako ay masayang mamatay para sa aking pananampalataya”

Sino ang pumatay kay Garcia Moreno?

Walang duda na siya ay pinaslang ng mga Masonic lodges at mga ibang kaaway ng Simbahang Katolika.

Bakit siya pinaslang?

Sapagkagkat siya ay kinikilalang magandang ehemplo ng isang Katolikong pinuno.

Papaano kinilala ni Pius IX at Leo XIII ang pagkamatay ni Garcia Moreno?

Sinabi ni Pius IX. “ Si Garcia Moreno ay pinaslang ng isang mamamatay tao, biktima ng kanyang pananampalataya at sa kanyang kristiyanong paggawa.” At si Leo XIII, “Siya ay namatay sa kamay ng mga masasamang kalaban ng Simbahan.”

Ibig ba ng sabihin nito na si Garcia Moreno ay walang mga pagkakasala o depekto?

Hindi, subalit kahit ang mga kinikilalang mga Santo ay mayroong kanya-kanyang mga kasalanan, at sa kadahilanang ito sila ay gumagawa ng penitensya.

Papaano nahuhugasan ng mga Martir ang kani- kanilang mga kasalanan?

Sa pamamagitan ng kanilang kamatayan para sa pagmamahal ng taos puso sa Diyos; at sa kadahilanang ito sila ay perpektong nalilinis, sila ay deretsong nakakarating sa paraiso.

Sino ang galit pa rin kay Garcia Moreno?

Ang mga Freemasons, mga Socialists, at ang mga kalaban ng Simbahan at ng kanyang bayang sinilangan; at ang mangilan ngilan na masamang naimpluwensiyahang katoliko, na puno ng paghuhusga at hindi nakakakilala ng totoong kabayanihan ni Garcia Moreno.

May mga tao ba na kumikilala at nagmamahal sa kanya?

Lahat ng mga Katoliko at mga natatanging tao sa bansang Ecuador; at mga mabubuting tao sa labas ng bansang Ecuador, na walang kaparis.

Pupuede bang humiling sa dasal at humingi ng isang mirakulo sa pamamagitan ni Garcia Moreno, sa mga pamamaraang tulad ng paggamit ng kanyang mga imahe o mga relics?

Oo, pero sa pribadong paraan lamang; at kung saka-sakaling may mga nasagot na panalangin sa pamamagitan ni Garcia Moreno, nararapat lamang na ito ay ipagbigay alam ng buong detalye sa mga Ecclesiastical na awtoridad at ito ay iniipon kung saka sakaling siya ay madeklarang Blessed o Santo. Sa ganitong paraan nabibigyan ng karampatang pagkilala ng Diyos ang mga taong puspusan ang pagmamahal sa kanya.